Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California
Libreng tawag (800) 776-5746

Sentro ng Trabaho ng Amerika sa California (AJCC, America's Job Center of California)

Pebrero 2014, Lat #5521.08 - Tagalog

Ano ang Sentro ng Trabaho ng Amerika sa California?

Ang Sentro ng Trabaho ng Amerika sa California (dating Isang-Hinto na Sentro para sa Trabaho) ay itinatag ng Batas ng Pamumuhunan sa Manggagawa (WIA, Workforce Investment Act). Ang Sentro ng Trabaho ng Amerika sa California (AJCC, America's Job Center of California) ay nag-aalok ng kumprehensibong saklaw ng mga gawain para sa pagsulong ng manggagawa sa pamamagitan ng mga pang-estado at lokal na organisasyon. Ang mga sentrong ito ay pinapangasiwaan ng Lupon ng Pamumuhunan para sa Manggagawa (WIB, Workforce Investment Board) na binubuo ng mga kinatawan mula sa mga negosyo, organisasyon ng paggawa, institusyong pang-edukasyon at mga organisasyon sa komunidad.

Ang WIB ay hinirang ng Gubernador at tumutulong sa Gubernador sa pagdisenyo ng pang-estadong plano at pagtatag ng angkop na mga patakaran para sa operasyon ng Sentro ng Trabaho ng Amerika sa California (AJCC). Ang Kagawaran ng Pagsulong ng Trabaho (EDD) ang may pangunahing responsibilidad sa AJCC sa California.

Ano ang Layunin ng Sentro ng Trabaho ng Amerika sa California?

Ang layunin ng mga gawain ng AJCC ay upang itaguyod ang pagdami ng trabaho, pagpapanatili ng trabaho, kita at kakayahan ng mga kalahok sa sentro. Ang mga gawain ng AJCC ay idinisenyo upang pagbutihin ang kalidad ng manggagawa, bawasan ang pagdepende sa kalinga at iba pang pampublikong benepisyo at pataasin ang pagiging produktibo ng manggagawa sa bansa.

Sino ang karapat-dapat na makatanggap ng mga serbisyo ng Sentro ng Trabaho ng Amerika sa California?

Inaawtorisa ng Titulo I ng WIA ang mga serbisyo ng AJCC para sa mga kabataan, nasa wastong gulang at mga natanggal sa trabahong manggagawa. Kabilang dito ang mga may kapansanan at walang kapansanang indibidwal

A. **Kabataan** – Ang mga karapat-dapat na kabataan ay dapat edad 14 hanggang 21 taong gulang, mababa ang kita at natutugunan ang hindi bababa sa 1 sa 6 na ispesipikong hadlang sa trabaho.

B. **Nasa Wastong Gulang**– Ang mga karapat-dapat na nasa gulang ay dapat edad 18 taon o mas matanda.

C. **Mga Natanggal sa Trabahong Manggagawa** – Ang mga karapat-dapat na mga natanggal sa trabahong manggagawa ay mga indibidwal na natanggal sa kanilang trabaho at malamang na hindi na makabalik sa kanilang dating trabaho.

Ang mga napaalis na maybahay at mga indibidwal na may sariling-trabaho ay maaari ring maging kwalipikado para sa mga serbisyo ng AJCC.

Ang mga serbisyo para sa mga nasa wastong gulang at mga natanggal sa trabahong manggagawa ay ibinibigay sa pamamagitan ng lokal na nakabaseng mga Sentro ng Trabaho ng Amerika sa kabuuan ng estado ng California. Ang buong taon na programa para sa kabataan ng AJCC ay nagbibigay-diin sa pagkamit ng kumpetensiya sa mga pangunahing

kakayahan, pinahusay na mga pang-akademiya at pantrabahong pagsasanay at magbigay ng panimula sa merkado ng trabaho at pagtatrabaho. Ang programa ay nagbibigay-diin sa mga serbisyo para sa mga kabataang hindi nag-aaral.

Mga Serbisyo ng Sentro ng Trabaho ng Amerika sa California

Gumagamit ang mga AJCC ng iba't ibang estratehiya upang magbigay ng pinaka-angkop at pinaka-epektibong mga serbisyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga customer sa kanilang komunidad.

- **Ang Pangunahing mga Serbisyo** ay makukuha at maaaring kasama ang mga impormasyon sa merkado ng paggawa, paunang pagtatasa ng mga lebel ng kasanayan at paghahanap ng trabaho at tulong sa pagtatalaga sa trabaho.

- **Ang Masusing mga Serbisyo** ay makukuha ng mga kwalipikadong indibidwal na walang trabaho na nakatapos ng hindi bababa sa isang pangunahing serbisyo subalit hindi nagawang makakuha ng trabaho, o isang may trabahong indibidwal na nangangailangan ng karagdagang mga serbisyo upang makakuha o mapanatili ang trabaho na hahantong sa personal na kasarinlan.

- **Mga Serbisyo sa Pagsasanay** ay makukuha ng mga kwalipikadong indibidwal na natugunan ang mga kinakailangan para sa masusing mga serbisyo at hindi nakakuha o nakapanatili ng trabaho. Ang Account sa Indibidwal na Pagsasanay (Individual Training Accounts, ITA) ay itinatag upang pondohan ang mga pagsasanay batay sa mga piniling mga programa ng pagsasanay na pinili ng indibidwal.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa Sentro ng Trabaho ng Amerika sa California, maaari kang pumunta sa website ng Kagawaran ng Pagsulong ng Trabaho (EDD, Employment Development Department) sa www.edd.ca.gov. Maaari mong hanapin ang iyong lokal na AJCC sa pamamagitan ng paglagay ng iyong zip code sa "Find an America's Job Center of California near you" ("Maghanap ng Sentro ng Trabaho ng Amerika sa California na malapit sa iyo") na portal.

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa yunit ng (PABSS, Protection and Advocacy for Beneficiaries of Social Security) sa Disability Rights California sa 800-776-5746.

Pinag-aaralan ng (SSA, Social Security Administration) ang sumusunod na paglalathala para sa teknikal na kawastuhan lamang; Subalit, hindi dapat ito ituring na opisyal na dokumento ng SSA.

Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html.